# TikTok: Lunsaran sa Pagtuturo ng Filipino sa Baitang 10

Dela Cruz, Michaela Trisha Joi P., Lagutan, Kristel Ann B., Panit, Estephanie B., at Gauuan, Rodelio C., PhD

## ABSTRAK

Ang pag-aaral na ito ay tungkol sa panonood ng mga video na makikita sa TikTok na may kaugnayan sa asignaturang Filipino, pipiliin at kukunin ang mga video na angkop sa Filipino 10 Quarter II, susuriin at tatayahin ang mga nakitang TikTok video batay sa isinasaad ng pamantayan, nakamumungkahi at nakabubuo ng banghay aralin gamit ang TikTok video bilang lunsaran. Ang layunin ng pag-aaral na ito ay masuri ang mga TikTok video ayon sa nilalaman, kaangkupan, teknikal na katangian at visual appeal. Ang pag-aaral na ito ay batayang deskriptibo sa pamamagitan ng paggamit ng kuwalitatibo at kuwantitatibong pananaliksik. Nailahad sa pag-aaral na ito ang mga teoryang Content-based Instruction, Multimodality at Connectivism. Kaugnay nito ang pagtutugma ng mga kompitensi sa kurikulum ng batayang edukasyon upang magkaroon ng batayan sa pagbuo ng mga kagamitang panturo para sa pagpapahusay ng pagtuturo sa ikalawang markahan ng Baitang 10.

*Mga Susing Salita:* TikTok, banghay-aralin, lunsaran, multimodality, pagtuturo

## INTRODUKSIYON

Sa kasalukuyan, malaki ang naging papel ng teknolohiya at social media, partikular ang TikTok, sa buhay ng mga kabataan. Ayon sa datos, milyon-milyong kabataan sa Pilipinas ang aktibong gumagamit ng TikTok, na naging isang popular na plataporma para sa maikling video na maaaring gamitin sa edukasyon. Sa asignaturang Filipino sa Baitang 10, mahalagang linangin ang mga kasanayan sa komunikasyon at pag-unawa sa panitikan, lalo na sa mga paksa gaya ng nobela at epiko.

Malaki ang pagbabago sa paraan ng pagtuturo sa paglipas ng panahon. Mula sa tradisyonal na pamamaraang chalk-and-board, lumipat ito sa mas modernong paggamit ng teknolohiya, na nakatutulong sa pagpapadali at pagpapasigla ng pagkatuto. Ayon sa mga pag-aaral, ang makabagong kagamitan gaya ng social media ay epektibong nakatutulong sa interaktibong pagkatuto ng mga mag-aaral.

Ang mga kagamitang panturo, kabilang ang TikTok, ay dapat tiyak, kongkreto, at naaayon sa aralin upang maging kapaki-pakinabang sa mga mag-aaral. Sa pamamagitan ng mga multimodal materials, mas nadadalian ang mga guro sa paghahatid ng impormasyon at mas nagiging aktibo ang mga mag-aaral.

Itinuturing ang social media bilang isang makapangyarihang plataporma sa pagpapalaganap ng impormasyon at ideya. Ang TikTok, bilang isang short video platform, ay hindi lamang libangan kundi nagsisilbi ring bintana ng kaalaman. Ipinakikita ng mga pag-aaral na ito ay nakatutulong sa pagpapaunlad ng kaalaman, pagkamalikhain, at partisipasyon ng mga kabataan sa pag-aaral.

Ang paggamit ng TikTok sa pagtuturo ay isa sa mga pamamaraang inaangkop ng mga guro sa ika-21 siglong edukasyon upang gawing mas makabuluhan, interaktibo, at kawili-wili ang pagkatuto sa asignaturang Filipino.

Nilalayon ng pag-aaral na suriin ang mga TikTok video ayon sa nilalaman, kaangkupan, teknikal na katangian, at visual appeal. Nilalayon din nito na nakamumungkahi ng mga pamantayan sa pagpili at paggamit ng TikTok video bilang lunsaran at nakabubuo ng banghay-aralin gamit ang TikTok video bilang lunsaran.

## METODOLOHIYA

Ang pananaliksik na ito ay gumagamit ng pinagsamang kuwalitatibo at kuwantitatibong disenyo. Kuwalitatibo ito dahil nagsasagawa ng panonood at pagsusuri ng mga TikTok video, at kuwantitatibo dahil may numerikal na pagtataya gamit ang rubrik. Layunin nitong tasahin ang mga TikTok video batay sa nilalaman, kaangkupan sa kurikulum, teknikal na katangian, at visual appeal, upang magamit sa pagtuturo ng Filipino sa Baitang 10 Quarter II.

Ang TikTok ang pangunahing pinagmumulan ng datos. Pinili ito dahil sa potensiyal nitong maging makabago at interaktibong kasangkapan sa edukasyon. Tanging mga video sa wikang Filipino, may malinaw na paliwanag at halimbawa, at hindi lalampas sa 5 minuto ang isasama. Ibinase ang pagsusuri sa rubrik na ginawa ng mga mananaliksik.

Nililimitahan sa 10–15 video ang pagsusuri upang mapanatili ang kalidad at lalim ng pag-aaral. Tanging mga video mula sa nakaraang limang taon ang isasama. Ang layunin ay makabuo ng hindi bababa sa 10 banghay-aralin na akma sa Filipino 10 kurikulum.

Paraan ng paglikom at pagsusuri ng datos:

1. Panonood ng mga video mula sa TikTok
2. Pagpili at pag-download ng 10–15 video
3. Pagsusuri batay sa pamantayang itinakda
4. Pagmumungkahi ng mga video bilang mabisang kasangkapan sa pagtuturo
5. Pagbuo ng banghay-aralin gamit ang mga napiling video

Ang mga hakbang ay dadaan sa ebalwasyon ng adviser at eksperto, bago buuin ang mga kagamitang panturo.

## INTERPRETASYON NG MGA DATOS

### Seksiyon 1. Pagsusuri ng TikTok Video Ayon sa Nilalaman, Kaangkupan, Teknikal at Visual Appeal

**Hanayan 1**
*Pagsusuri sa Nilalaman*

| TTV code | Pamagat/Nilalaman |
|---|---|
| TTV 1 | Nilalaman: Kahulugan, elemento at layunin ng nobela. |
| TTV 2 | Pamagat: Aanhin mo ang wikang banyaga, kung ang sarili mong wika ay di mo matalima.<br>Nilalaman: Kahalagahan ng wika. |
| TTV 3 | Pamagat: Hiyas ng ating bukas<br>Nilalaman: Pagtangkilik ng wikang Filipino. |
| TTV 4 | Pamagat: Diyosa ng buwan<br>Nilalaman: Mitolohiya patungkol sa diyosa ng buwan |
| TTV 5 | Pamagat:Diyos ng tubig at si Kai<br>Nilalaman:Mitolohiya na galing sa Griyego |
| TTV 6 | Nilalaman: Pagpapayo para sa mga kabataan |
| TTV 7 | Nilalaman: Cupid at Psyche |

| | |
|---|---|
| TTV 8 | Pamagat: Sa susunod na habang buhay<br>Nilalaman: Pag-iibigan ng dalawang magkasintahan. |
| TTV 9 | Nilalaman: Tula tungkol sa pag-ibig |
| TTV 10 | Pamagat: Para sa naghihintay<br>Nilalaman: Patulang dayalogong nagpapahayag ng saloobin sa isa't isa. |
| TTV 11 | Pamagat: Karinderya ni Nanay<br>Nilalaman:Pang-araw-araw na buhay ng mamamayan. |
| TTV 12 | Nilalaman: Karaniwang problemang nangyayari sa gobyerno |
| TTV 13 | Nilalaman: Kahulugan, elemento at layunin ng sanaysay. |
| TTV 14 | Nilalaman: Dula-dulaan tungkol sa teoryang realismo |
| TTV 15 | Nilalaman: Dula-dulaan |

Ang mga TikTok video na ginamit sa pag-aaral ay tumatalakay sa panitikang Filipino tulad ng tula, dula, mitolohiya, sanaysay, at maikling kuwento. Ang mga ito ay nagpapakita ng pagpapahalaga sa wika, kultura, at emosyon tulad ng pag-ibig. Ang mga mag-aaral ay naging mas malikhain sa pagpapahayag ng kanilang damdamin at pananaw gamit ang TikTok bilang midyum. Ang paggamit ng ganitong plataporma ay nakatulong upang mas maging makabuluhan ang pagkatuto ng mga aralin.

**Hanayan 2**
*Pagsusuri sa Kaangkupan ng TTV sa Gabay Pangkurikulum*

| Paksa | TikTok Videos | Learning Competency Code |
|---|---|---|
| Nobela | TTV 1 | Naisusulat ang suring-basa ng nobelang nabasa o napanood<br>F10PS-IIf-76 |
| | TTV 14 | Nasusuri ang nobela bilang akdang pampanitikan sa pananaw realismo o alinmang angkop na pananaw/ teoryang pampanitikan<br>F10PB-IIf-77 |
| Tula | TTV2 | Naibibigay ang mga puna sa estilo ng napakinggang tula<br>F10PN-IIc-d-70 |
| | TTV 3 | Naibibigay ang kahulugan ng matatalinghagang pananalita na ginamit sa tula<br>F10PT-IIc-d-70 |
| | TTV 9 | Naisusulat ang sariling tula na may hawig sa paksa ng tulang tinalakay<br>F10PU-IIc-d-72 |
| | TTV 10 | Nagagamit ang matatalinghagang pananalita sa pagsulat ng tula<br>F10WG-IIc-d-65 |
| | TTV 11 | Nagagamit ang kasanayan at kakayahan sa malinaw at mabisang pagbigkas ng tula<br>F10PS-IIc-d-72 |
| Mitolohiya | TTV 4 | Nabubuo ang sistematikong panunuri sa mitolohiyang napanood<br>F10PD-IIa-b-69 |
| | TTV 5 | Nabubuo ang sistematikong panunuri sa mitolohiyang napanood<br>F10PD-IIa-b-69 |
| Sanaysay | TTV 6 | Naisusulat ang isang talumpati tungkol sa isang kontrobersyal na isyu<br>F10PU-IIg-h-71 |
| | TTV 13 | Nasusuri ang napanood na pagbabalita batay sa:<br>paksa paraan ng pagbabalita at iba pa<br>F10PD-IIg-h-68 |
| | TTV 7 | Naisasalaysay ang mga tunggalian sa pagitan ng mga tauhan batay sa kanilang mga pananalita<br>F10PN-IIf-74 |
| Maikling Kuwento | TTV 8 | Naisasalaysay nang masining at may damdamin ang isinulat na maikling kuwento<br>F10PS-IIe-75 |
| | TTV 12<br>TTV 15 | Nabibigyang-reaksiyon ang pagiging makatotohanan/ dimakatotohanan ng mga pangyayari sa maikling |

| | | |
|---|---|---|
| | | kuwento<br>F10PB-IIe-76 |

Sinuri ang mga TikTok video kung ito ba ay tumutugma sa mga pamantayan ng K-12 Kurikulum. Ipinakita sa pagsusuri na may malinaw na kaugnayan ang mga video sa mga learning competencies sa Filipino na ginamit bilang batayan sa pagtuturo ng mga paksa gaya ng tula, mitolohiya, sanaysay, at maikling kuwento.

**Hanayan 3**
*Pagsusuri sa Teknikal na Katangian ng mga TTV*

| TikTok Videos | Mahusay na Kalidad | Maaaring pag-ibayuhin pa ang kalidad |
|---|---|---|
| TTV 1 | -Angkop ang bilang ng oras ng playtime ng video.<br>-Malakas at malinaw ang boses ng nagsasalita.<br>-Maganda ang mga transition na ginamit. | -Maaaring pagandahin pa ang pagsasama ng background music upang lalong umakma sa sinasabi ng tagapagsalita.<br>-Magiging mas epektibo ang mensahe kung bahagyang hinaan ang background music para mas marinig ang boses. |
| TTV 2 | -Angkop ang bilang ng oras ng playtime ng video.<br>-Mahusay ang pagkakabigkas ng bawat salita at may damdamin.<br>-Naisaulo ang bawat linya na sinasalita. | -May ilang bahagi na puwedeng balansehin pa ang tunog upang mas lumutang ang pagsasalita. |
| TTV 3 | -Angkop ang bilang ng oras ng playtime ng video.<br>-Sakto ang bilis ng pagsasalita.<br>-Umaangkop ang kulay na ginamit sa background. | -Magiging mas kaaya-aya ang kabuuang video kung maiiwasan ang mga tunog sa paligid na hindi bahagi ng eksena. |
| TTV 4, TTV 5 | -Angkop ang bilang ng oras ng playtime ng video.<br>-Maayos ang transition na ginamit.<br>-Malinaw ang video; maayos ang lighting at hindi malabo. | -Maganda rin kung mabibigyang-buhay pa ang boses ng tagapagsalita para mas mahikayat ang mga manonood. |
| TTV 6 | -Angkop ang bilang ng oras ng playtime ng video.<br>-Mayroon itong subtitle.<br>-Malinaw at malakas ang boses.<br>-May damdamin sa pagsasalita.<br>-Angkop ang ginamit na background music. | -Maaaring mas mapaganda pa ang kalidad ng video sa pamamagitan ng mas maliwanag na ilaw. |
| TTV 7 | -Angkop ang bilang ng oras ng playtime ng video.<br>-May damdamin at umaangkop ang emosyon ng mga tagapagsalita.<br>-Maliwanag ang lighting.<br>-Maayos ang pagkakalapat ng background music sa mga eksena. | -Mas magiging malinaw ang mensahe kung mas tahimik ang background music habang may nagsasalita. |
| TTV 8 | -Angkop ang bilang ng oras ng playtime ng video.<br>-May damdamin at umaangkop ang emosyon ng mga tagapagsalita.<br>-Maliwanag ang lighting.<br>-Maayos ang pagkakalapat ng background music sa mga eksena. | -May ilang eksena na maaaring ayusin ang volume ng background music upang hindi matakpan ang boses ng nagsasalita. |
| TTV 9 | -Angkop ang bilang ng oras ng playtime ng video.<br>-Mayroon itong subtitle.<br>-May emosyon na angkop sa binabasa ng nagsasalita. | -May ilang eksena na maaaring ayusin ang volume ng background music upang hindi matakpan ang boses ng nagsasalita. |
| TTV 10 | -Angkop ang bilang ng oras ng playtime ng video.<br>-Mayroon itong subtitle.<br>-Malinaw at malakas ang boses ng mga nagsasalita.<br>-Maganda ang lighting. | |
| TTV 11 | -Angkop ang bilang ng oras ng playtime ng video.<br>-Maliwanag ang lighting.<br>-Mayroon itong subtitle.<br>-May tamang lakas ang boses ng nagsasalita. | |
| TTV 12 | -Angkop ang bilang ng oras ng playtime ng video.<br>-Maganda ang lighting. | -Magiging mas malinis ang video kung maiiwasan ang mga bagay na hindi bahagi ng pangunahing eksena. |

| | | |
|---|---|---|
| | -May tamang lakas at emosyon ang boses ng nagsasalita. | |
| TTV 13 | -Malinaw ang boses ng nagsasalita. | -Makabubuti ring sundin ang inilaang haba ng video upang mapanatili ang interes ng manonood. |
| TTV 14 | -Angkop ang bilang ng oras ng playtime ng video.<br>-May emosyon ang boses ng nagsasalita. | -Maaaring mapili ang mas tahimik na lugar para sa shooting upang mas malinaw ang tunog. |
| TTV 15 | -Angkop ang bilang ng oras ng playtime ng video.<br>-Mayroon itong subtitle.<br>-Malakas ang boses at tama ang emosyon na ginamit. | -Magiging mas kaaya-ayang basahin ang subtitle kung iakma ang laki ng font sa screen. |

Sinuri ang kalidad ng mga video sa aspeto ng tunog, background music, lighting, subtitle, at transition. Lumabas na karamihan sa mga video ay may mahusay na kalidad ngunit may ilan na kailangang ayusin lalo na sa audio at visual presentation.. Napatunayan na ang teknikal na aspekto ay may malaking epekto sa pagkaepektibo ng video bilang panturo.

**Hanayan 4**

*Pagsusuri sa Visual na Appeal ng TTV*

| **Tiktok video** | **Mahusay na visual appeal** | **Maaaring pag-ibayuhin pa na visual appeal** |
|---|---|---|
| TTV 1 | -Maganda ang color combination na ginamit sa powerpoint presentation. | |
| TTV 2 | -Angkop ang pananamit.<br>-Maaliwalas tignan ang pinagkunan ng video.<br>-Maganda ang kalidad ng filter na ginamit. | |
| TTV 3 | -Maganda ang ginamit na kulay sa kanyang background.<br>-Malinaw ang filter na ginamit at naaangkop ito sa tema. | -Maaaring pag-isipan pa ang pagkakatugma ng mga kilos ng kamay sa sinasabi upang mas maging malinaw ang mensahe. |
| TTV 4, TTV 5 | -Maganda ang mga kulay na ginamit.<br>-Maayos ang kanilang pananamit. | -Mainam na panatilihin ang pagkakapare-pareho ng mukha ng mga tauhan upang hindi malito ang manonood. |
| TTV 6 | -Angkop ang kanilang pananamit.<br>-Maganda ang filter na hindi ginamit kaya't hindi ito masakit sa mata. | |
| TTV 7 | -Angkop ang pananamit na ginamit.<br>-Maganda ang ginamit na filter. | -Mas magiging kaaya-aya kung gagamit ng mas matatag na pagkuha ng video para maiwasan ang pag-uga ng kuha. |
| TTV 8 | -Angkop sa tema ang pananamit na ginamit.<br>-Maganda ang filter na ginamit. | |
| TTV 9 | -Maliwanag ang ginamit na filter. | -Maaaring dagdagan pa ang effort sa kasuotan upang mas mailarawan nang mabuti ang karakter. |
| TTV 10 | -Angkop ang pananamit na ginamit.<br>-Maganda ang filter na ginamit.<br>-Tahimik ang paligid. | |
| TTV 11 | -Maaliwalas sa mata ang ginamit na filter. | -Magiging mas malinaw ang tunog kung mapipili ang mas tahimik na lugar sa pagkuha ng video. |
| TTV 12 | -Maliwanag ang kalidad ng camera na ginamit. | -Magiging mas epektibo ang bawat eksena kung ang mga hindi kasali sa eksena ay hindi gaanong gumagalaw o nagpapakita sa background. |
| TTV 13 | -Maganda ang color combination na ginamit sa powerpoint presentation. | |

| | | |
|---|---|---|
| TTV 14 | -Kitang-kita ang kabuuan ng buong eksena.<br>-Angkop ang mga kagamitan na ginamit sa eksena. | -Mas maganda ang presentasyon kung gagamit ng mas matatag o nakapirming kuha ng camera. |
| TTV 15 | -Maganda ang filter na ginamit.<br>-Angkop ang mga kagamitan at pananamit na ginamit sa eksena. | |

Ang visual appeal ng mga TikTok video ay sinuri batay sa kulay, pananamit, galaw ng camera, ekspresyon, at kabuuang presentasyon. Lumabas sa pagsusuri na karamihan sa mga video ay maayos ang visual na aspekto, ngunit may mga dapat pang pag-ibayuhin gaya ng tamang paghawak ng camera. Ang visual na aspekto ay mahalaga sa pagkuha ng atensiyon ng mga mag-aaral.

### Seksiyon 2. Mga Mungkahing Pamantayan sa Pagpili at Paggamit ng mga Tiktok Videos Bilang Lunsaran

Bilang resulta ng pagsusuri, nakabuo ang mga mananaliksik ng mga pamantayan para sa pagpili ng mga video na maaaring gamitin bilang lunsaran sa pagtuturo. Dapat malinaw ang layunin, may kaugnayan sa aralin, teknikal na mahusay, at may visual appeal. Ang tagapagsalita sa video ay dapat rin na may malinaw at kapani-paniwalang presentasyon upang mapanatili ang interes ng mga mag-aaral.

**Hanayan 5**

*Mga Mungkahing Pamantayan*

| PAMANTAYAN |
|---|
| **NILALAMAN:**<br>● Ang nilalaman ng video ay dapat may kaugnayan sa paksa at may malalim na talakayan.<br>● Ang video ay dapat gumamit ng wastong gramatika at angkop na mga salita.<br>● Dapat magkaroon ng tamang sanggunian kung kinakailangan upang mapanatili ang kredibilidad ng impormasyon. |
| **KAANGKUPAN:**<br>● Ang video ay dapat may malinaw na layunin na naaayon sa kurikulum. |
| **TEKNIKAL NA KATANGIAN:**<br>● Dapat may mataas na kalidad ang audio upang mas epektibong maihatid ang mesahe sa mga mag-aaral.<br>● Dapat gumamit ng iba't ibang moda (tekstuwal, *visual*, audio) upang mapadali ang pag- unawa ng mga mag-aaral.<br>● Ang haba ng video ay dapat sapat upang maipaliwanag nang maayos ang paksa nang hindi nagiging masyadong mahaba. |
| **VISUAL APPEAL:**<br>● Ang tagapagsalita sa video ay dapat may malinaw at kapani-paniwalang ekspresyon. |

### Seksiyon 3. Nabuong Banghay-Aralin Gamit ang TikTok Videos Bilang Lunsaran

Napatunayan ng mga mananaliksik na ang mga TikTok video ay angkop at epektibong gamitin bilang kagamitang panturo sa Filipino para sa Baitang 10. Sa tulong ng mga ekspertong pagtataya, nakabuo ang mga mananaliksik ng 15 banghay-aralin na isinunod sa K to 12 Kurikulum ng DepEd. Ang mga aralin ay sumasaklaw sa mga paksang tulad ng nobela, mitolohiya, sanaysay, maikling kuwento, at tula, kung saan ginamit ang TikTok video bilang lunsaran upang mas mapalalim ang pag-unawa ng mga mag-aaral. Sa paggawa ng mga banghay-aralin, isinasaalang-alang ang malinaw na layunin, aktibong partisipasyon ng mag-aaral at mga pamantayan ng mabisang pagtuturo.

Isang halimbawa ay ang aralin sa **Nobela**, kung saan sinimulan ang klase sa aktibidad na "Scrambled Letter, Gawing Better," kasunod ang panonood ng TikTok video tungkol sa mga elemento ng nobela. Mula rito, ginamit ang mga gabay na tanong upang suriin ng mga mag-aaral

ang nilalaman ng video at ikumpara ito sa ibang anyo ng panitikan. Ipinakita ng aktibidad na epektibong midyum ang TikTok sa paghahatid ng aralin sa makabago at mas kawili-wiling paraan.

**Kongklusyon**

Napatunayan na may ilang mga TikTok video na maaaring gamitin bilang epektibong lunsaran sa pagtuturo ng Filipino. Napatunayan din na may mga pamantayan na dapat sundin sa pagsusuri at paggamit sa TikTok video sa pagtuturo Filipino at maaaring makabuo ng mga banghay-aralin gamit ang TikTok video sa pagtuturo sa pagtuturo ng Filipino sa Baitang 10.

**Rekomendasyon**

Ipagpatuloy ang paggamit ng mga TikTok video na may mataas na kalidad upang mapabuti ang pagtuturo at mapalawak ang kaalaman, pagkamalikhain, at motibasyon ng mga mag-aaral. Maaari ring hikayatin ang mga guro na magsagawa ng pagsusuri sa mga TikTok video bago gamitin sa klase at gamitin ang mga banghay aralin na nabuo mula sa pag-aaral sa pagtuturo ng Filipino baitang 10 at i-digitize ito. Ang mga banghay-aralin ay maaari ring bilang gabay sa paglikha ng iba pang kagamitang panturo para sa Filipino sa Baitang 10. Para sa mga mananaliksik, maaari nilang gamitin ang mga nabuong banghay-aralin para sa patuloy na pananaliksik.

**SANGGUNIAN**

Agta, M., Aliba, G., Beniyat, A., Dagman, M., Malanom, M., Mamuyac, C., Siador, S., Sipi-An, A., & Eguia, M. (2024). Tiktok: Gamit sa makrong kasanayan ng pagsasalita ng mga mag-aaral. *Cognizance Journal, 4*(5), 307–313. https://doi.org/10.47760/cognizance.2024.v04i05.026